ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGLINANG NG PANG-UNAWA SA KONTEMPORARYONG AKDA AT KASANAYAN SA GRAMATIKA TUNGO SA PAGHUBOG NG KAUGALIAN NG MGA MAG-AARAL

**Darlene Ann Arguil Consignado**

## ABSTRACT

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa "Paglinang ng Pang-unawa Sa Kontemporaryong Akda at Kasanayan sa Gramatika Tungo sa Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral". Layunin nitong matukoy ang antas ng Pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga Kontemporaryong akda; malaman ang antas kanilang Kasanayan sa Gramatika at matukoy ang antas ng Paghubog ng kaugalian ng mag-aaral. Sinuri rin ng pananaliksik na ito ang kaugnayan ng Paglinang ng Pag-unawa sa Kontemporaryong akda sa Kasanayan sa Gramatika ng mga mag-aaral gayundin ang kaugnayan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong akda a Paghuhubog ng kaugalian ng mga mag-aaral.*

*Gumamit ang pananaliksik ng Deskriptibong Pamamaraan. Ang bilang ng tagatugon ay binubuo ng tatlong daang (300) mag-aaral mula sa Baitang 10 sa piling paaralan sa bayan ng Liliw, Majayjay, Nagcarlan at Magdalena, Laguna Panuruang Taon 2024-2025. Ang mananaliksik ay gumamit ng "Stratified Sampling" upang mapili lamang ang tagatugon sa pag-aaral na isinagawa.*

*Batay sa nakalap na datos, ang antas ng Paglinang ng pang-unawa sa Kontemporaryong akda ng mga mag-aaral ay nakakuha ng tugon na Lubos na sumasang-ayon na may berbal na pagpapakahulugan na Nauunawaan. Gayundin, ipinakita ang antas ng Kasanayan sa Gramatika, lumabas sa pag-aaral na Lubos na sumasang-ayon at nakakuha ng pagkabuuang berbal na pagpapakahulugan na May Kasanayan. Makikita rin ang magandang resulta ng Paghubog ng Kaugalian ng mga mag-aaral. Nagkamit din ito ng Lubos na sumasang-ayon at berbal na pagpapakahulugan na Nahuhubog. Isinasaad na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong akda at Kasanayan sa Gramatika. Ipinakita rin sa resulta ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pag-unawa sa Kontemporaryong akda sa Paghubog ng Kaugalian ng mga mag-aaral,*

*Ang Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong akda at Kasanayan sa Gramatika ay may makabuluhang kaugnayan sa Paghubog ng mga Kaugalian ng mga mag-aaral sa piling paaralan sa Laguna kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ito ay nangangahulugan na mahalaga ang integrasyon ng masusing pagsusuri ng kontemporaryong akda sa pagtuturo gramatika upang mapalakas ang kasanayang linggwistiko ng mga mag-aaral at ang kahalagahan nito sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral.*

*Ang pagsasagawa ng pagsasanay at paglahok sa mga programang magpapahusay sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan at ang masigasig na pagbabasa at pag-aaral ng gramatika ng mga mag-aaral, ang ilan sa ibinigay na rekomendasyon ng mananaliksik upang lubhang makakatulong sa paggamit ng wika at paglinang ng pagpapahalagang moral ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon.*

**SUSING SALITA:** *Paglinang, Paghubog, Kontemporaryong Akda, Kakayahang Linggwistiko, Moral na Pagpapahalaga.*

## PANIMULA

Ang edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagpapayaman ng kaalaman kundi pati na rin sa paghubog ng asal at pagpapahalaga sa mga estudyante. Sa ganitong sitwasyon, dapat bigyang-diin ang papel ng makabagong panitikan at kasanayan sa gramatika sa buong proseso ng pagkatuto.

Sa modernong panahon, kung saan mabilis ang pagbabago ng mga pananaw at paniniwala, nagiging mahalaga ang papel ng kontemporaryong akda sa pagtuturo ng mga makabuluhang aral at pagpapahalaga. ng mga ganitong akda ay nagtatampok ng mga tema at tauhan na sumasalamin sa kasalukuyang kalagayang panlipunan, na nagbibigay ng pananaw sa mga mambabasa. Kapag natututo ang mga mag-aaral na unawain ang ganitong uri ng literatura, hindi lamang nila napapalalim ang kanilang kakayahang magbasa, kundi nabibigyan din sila ng pagkakataong makapagnilay sa kanilang mga pinaniniwalaan at gawi.

Ayon kay De Laza (2017), ang pagbabasa at pagsusuri ng mga akda ay nagiging daan upang mahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, habang ang kasanayan sa gramatika ay nagbibigay ng pundasyon para sa malinaw at mabisang komunikasyon. Ang dalawang aspekto na ito, kapag pinagsama, ay nagkakaroon ng malaking ambag sa paghuhubog ng pagkatao ng kabataan.

Batay kay Anatacio (2016), sa mga modernong akda na kadalasang nakatuon sa mga usaping panlipunan at personal na karanasan, tinuturuan ang estudyante na suriin o tuklasin ang realidad sa kanilang kapaligiran. Isa pang aspeto nito ay ang gramatika na maaari ring gamitin bilang kasangkapan upang ipahayag ang mga ideya at damdamin sa tamang paraan.
Batay sa inisyal na obserbasyon at panimulang datos, napag-alaman na maraming mag-aaral sa Baitang 10 ng mga paaralan sa Liliw, Majayjay, Nagcarlan, at Magdalena, Laguna ang may

mababang antas ng pag-unawa sa mga kontemporaryong akdang pampanitikan na itinuturo sa asignaturang Filipino. Kaakibat nito, napuna rin ang kakulangan sa kasanayan sa tamang paggamit ng gramatika, gaya ng wastong baybay, balarila, at tamang estruktura ng pangungusap. Dahil dito, may ilang mag-aaral na hindi rin gaanong nagpapakita ng mga positibong kaugalian tulad ng pagiging masinop sa gawaing pampaaralan, paggalang sa opinyon ng iba, at pagiging responsable sa kanilang pag-aaral.

Kaya, ang pananaliksik na ito ay naglalayong maunawaan kung paano ang pagsasama ng pagpapahalaga sa modernong panitikan sa mga kasanayan sa gramatika ay makakatulong sa paghubog ng mga gawi sa pagtuturo ng mga estudyante. Ang mananaliksik ay matibay ang paniniwala na sa pamamagitan ng makabagong panitikan ay nagagampanan ang paghubog ng moralidad, asal, at pananaw sa buhay—mga isyung napakahalaga sa pag-unlad bilang isang tao sa lipunan.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong bigyang-pansin ang kahalagahan ng pag-unawa sa kontemporaryong akda at kasanayan sa gramatika tungo sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akda at pagsasanay sa tamang paggamit ng wika, layunin ng pag-aaral na ito na mapalalim ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto at teorya ng pag-unawa sa akda. Sa pamamagitan ng pagsasanay sa pagsulat at pagsusuri ng mga halimbawa ng kontemporaryong akda, maipapakita kung paano nakaaapekto ang pag-unawa sa akda sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral.

## METODLOHIYA

Gumamit ang pananaliksik ng Deskriptibong Pamamaraan. Ang bilang ng tagatugon ay binubuo ng tatlong daang (300) mag-aaral mula sa Baitang 10 sa piling paaralan sa bayan ng Liliw, Majayjay, Nagcarlan at Magdalena, Laguna Panuruang Taon 2024-2025. Ang mananaliksik ay gumamit ng "Stratified Sampling" upang mapili lamang ang tagatugon sa pag-aaral na isinagawa.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Makikita sa ibaba ang antas ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda batay sa Konteksto.

**Talahanayan 1. Antas ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda batay sa Konteksto**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Nakikilala ang mga pangunahing tauhan at ang kanilang papel sa lipunan batay sa konteksto ng akda. | 4.59 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Nagagamit ang kaalaman sa kasaysayan at kultura upang mas maunawaan ang mensahe ng akda. | 4.60 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nasusuri kung paano nakaapekto ang panlipunang isyu sa tema ng akda. | 4.17 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapaghahayag ng opinyon kung paano nailarawan ng akda ang panlipunang realidad sa panahong isinulat ito. | 4.07 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakabubuo ng sariling pagsusuri tungkol sa kahalagahan ng konteksto sa pag-unawa sa isang akda. | 4.26 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.34** | | |
| **SD** | **0.65** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nauunawaan** | | |

Ayon sa kinalabasan ng Talahanayan 1, makikita na taglay ng mga kalahok ang mataas na antas ng pag-unawa sa kontemporaryong akda, partikular sa paggamit ng kontekstong panlipunan, historikal, at kultural bilang batayan sa pagbibigay-kahulugan. Ang naitalang weighted mean na 4.34 at standard deviation na 0.65 ay may verbal na interpretasyong "Nauunawaan", na nagpapakita ng matatag na kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng akda gamit ang konteksto bilang pangunahing saligan.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng resulta ng datos na epektibong nahuhubog sa mga kalahok ang kasanayan sa pag-unawa ng kontemporaryong akda batay sa konteksto. Ang mataas na antas ng tugon sa bawat pahayag ay nagpapakita ng malalim na pagkatuto sa pagbasa at pagsusuri ng panitikang makabuluhan.

Ayon sa pagsusuri nina Gonzales at Cruz (2021) hinggil sa epekto ng konteksto sa pagbasa ng kontemporaryong panitikan, napag-alaman na ang mga mag-aaral na binibigyang-pansin ang konteksto ng isang akda ay mas nagkakaroon ng kritikal na pag-iisip at nakakapagpakita ng mas mataas na antas ng pang-unawa. Ang kanilang pag-aaral ay kaugnay ng kasalukuyang pananaliksik sapagkat pareho nitong binibigyang-diin ang kahalagahan ng malalim na pag-unawa sa konteksto upang lubos na maunawaan ang nilalaman at mensahe ng isang akdang pampanitikan.

Ang Talahanayan 2 ay naglalaman ng Antas ng Paglinang ng Pang-unawa ng mga mag-aaral sa Kontemporaryong Akda Alinsunod sa Pananaw.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2 Antas ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda batay sa Pananaw**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy kung sino ang nagsasalaysay sa akda at kung anong pananaw ang ginamit (unang panauhan, ikalawang panauhan, ikatlong panauhan). | 4.54 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag kung paano nakaapekto ang pananaw sa paraan ng pagkukuwento ng akda. | 4.36 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nasusuri kung paano ginamit ang pananaw upang ipakita ang emosyon, opinyon, at paniniwala ng may-akda sa akda. | 4.41 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapaghahayag ng opinyon kung paano nakaapekto ang ginamit na pananaw sa kabuuang pag-unawa sa akda. | 4.27 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakakalikha ng sariling pagsusuri tungkol sa kahalagahan ng pananaw sa isang akda. | 4.10 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.33** | | |
| **SD** | **0.69** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nauunawaan** | | |

Sa pangkalahatan, nagpapakita ang lahat ng pahayag ng mataas na antas ng pag-unawa na nakatulong sa mga kalahok upang lubos na maunawaan ang papel ng pananaw sa kontemporaryong akda, na nagpapalalim sa kanilang pagsusuri at interpretasyon. Ang mga kalahok ay malinaw na may kakayahang magbigay ng makabuluhang pagsusuri sa pananaw ng akda at kung paano ito nakaaapekto sa kabuuang mensahe ng akda.

Batay kay Gonzalez (2014), mahalagang bahagi ng literasiyang pampanitikan ang pagsusuri sa pananaw ng isang akda. Ang kasanayang ito ay nagpapalawak sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsagawa ng mas malalim na pagsusuri sa mga tekstong pampanitikan, na nagbibigay-daan sa mas makabuluhang pag-unawa sa nilalaman at layunin ng akda.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang Antas ng Paglinang ng Pang-unawa ng mga mag-aaral sa Kontemporaryong Akda batay sa Simbolismo.

**Talahanayan 3 Antas ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda batay sa Simbolismo**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Natatandaan ang mga pangunahing simbolo na ginamit sa akda. | 3.91 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag ang ibig sabihin ng mga simbolo sa isang kwento o tula. | 4.33 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Naiuugnay ang koneksyon ng mga simbolo sa mga panlipunang isyu na ipinapakita sa akda. | 4.25 | 0.83 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Naibabahagi kung paano nagagamit ang simbolismo sa ibang akda o sa tunay na buhay upang ipakita ang mas malalim na kahulugan. | 4.26 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakakabuo ng sariling interpretasyon ng isang akda gamit ang pag-unawa sa simbolismo. | 4.11 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.17** | | |
| **SD** | **0.75** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nauunawaan** | | |

Sa pangkalahatan, ang mataas na mga mean sa iba pang mga pahayag tulad ng "Naiuugnay ang koneksyon ng mga simbolo sa mga panlipunang isyu" (mean = 4.25) at "Naibabahagi kung paano nagagamit ang simbolismo sa ibang akda o sa tunay na buhay" (mean = 4.26) ay nagpapakita ng kakayahan ng mga kalahok na masusing suriin at maunawaan ang ugnayan ng mga simbolo sa mas malalim na konteksto ng mga isyung panlipunan, pati na rin ang aplikasyon nito sa iba pang mga akda o sa tunay na buhay.

Sa kabuuan, nagpapakita ang talahanayan ng isang mataas na antas ng pag-unawa sa simbolismo at ang papel nito sa pagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa akda. Ang mga kalahok ay may kakayahan hindi lamang matukoy at maipaliwanag ang mga simbolo, kundi pati na rin suriin ang kanilang koneksyon sa mas malalawak na isyu at sa iba pang akda.

Ayon kay Davis (2022), ang simbolismo ay isang susi sa pagpapalawak ng literasiya ng isang mag-aaral, dahil binibigyan nito ang mga mambabasa ng mas maraming mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kasangkapan upang suriin ang mga akda sa isang mas malalim na antas. Ang simbolismo ay nagpapalawak sa pag-unawa ng mambabasa sa mga tema, mensahe, at konteksto ng akda, kaya't ito ay isang mahalagang bahagi ng pagsasanay sa pagsusuri ng panitikan.

Laman naman ng Talahanayan 4 ang Antas ng Paglinang ng Pang-unawa ng mga mag-aaral sa Kontemporaryong Akda batay sa Personal na damdamin.

**Talahanayan 4 Antas ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda batay sa Personal na damdamin**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Natatandaan ang mga eksena sa akda na nagdulot ng matinding emosyon (hal. tuwa, lungkot, galit, takot, inspirasyon). | 4.60 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Nagagawang ipaliwanag kung paano nakatulong ang akda sa pag-unawa sa sariling emosyon at karanasan. | 4.34 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Naiuugnay kung paano nagbabago ang emosyon habang binabasa ang isang akda at kung bakit ito nangyayari. | 4.46 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapangangatwiran ng opinyon kung paano naapektuhan ng akda batay sa damdamin at karanasan. | 4.33 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakagagawa ng malikhaing paraan (hal. sanaysay, tula, poster) upang ipahayag ang naramdaman sa akda. | 3.99 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **4.34** |
| **SD** | | | **0.68** |
| **Verbal Interpretation** | | | **Nauunawaan** |

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan ang mataas na antas ng kakayahan ng mga kalahok na iugnay ang kanilang damdamin sa mga akdang kanilang binabasa at ipaliwanag ang mga emosyonal na karanasang nagmumula rito. Malinaw ang kanilang masusing pang-unawa sa kahalagahan ng emosyon sa pagbibigay ng mas malalim na pagtingin at interpretasyon sa isang akda.

Ayon sa pag-aaral ni Rosenblatt (2018) na pinamagatang The Literature and Emotion Connection, ang pagpapalawak ng literasiya ay hindi lamang nakasalalay sa intelektwal na pag-unawa sa teksto kundi maging sa emosyonal na karanasang hatid nito sa mambabasa. Binibigyang-diin niya na ang kakayahang makaramdam ng matinding emosyon gaya ng tuwa, lungkot, galit, at inspirasyon ay mahalagang bahagi ng pagtanggap sa isang akdang pampanitikan. Kaugnay nito, ang mataas na mean na 4.60 sa pahayag na “Natatandaan ang mga eksena sa akda na nagdulot ng matinding emosyon,” na makikita sa Talahanayan 4, ay sumusuporta sa pananaw ni Rosenblatt. Ipinapakita nito na may malalim na koneksyon ang mga kalahok sa mga emosyonal na aspeto ng akda, na nagpapalalim din sa kanilang pangkalahatang pag-unawa rito.

Ang Talahanayan 5 ay naglalaman ng Antas ng Paglinang ng Pang-unawa ng mga mag-aaral sa Kontemporaryong Akda batay sa Pagkakaugnay sa kasalukuyan.

**Talahanayan 5 Antas ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda batay sa Pagkakaugnay sa kasalukuyan**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Nailalahad ang mga pangunahing isyung panlipunan o pangkulturang ipinakita sa akda. | 4.32 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng akda sa pag-unawa sa mga pangyayari sa kasalukuyan. | 4.51 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nasusuri ng pagkakatulad sa pagitan ng mga pangyayari sa akda at sa tunay na buhay. | 4.41 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Napauunlad kung paano maaaring gamitin ang mensahe ng akda upang matugunan ang mga suliranin ng kasalukuyan. | 4.18 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakakalikha ng sariling pagsusuri tungkol sa ugnayan ng akda sa mga pangyayari sa ating lipunan. | 3.94 | 0.98 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **4.27** |
| **SD** | | | **0.72** |
| **Verbal Interpretation** | | | **Nauunawaan** |

Sa Talahanayan 5, makikita ang antas ng pag-unawa ng mga kalahok sa mga kontemporaryong akda batay sa kanilang kakayahang iugnay ang mga isyung panlipunan at pangkulturang ipinapakita sa mga akda sa mga kasalukuyang pangyayari. Ang pahayag na "Nailalahad ang mga pangunahing isyung panlipunan o pangkulturang ipinakita sa akda" ay nakatanggap ng mean na 4.32, na nagpapakita ng mataas na antas ng pagkaunawa ng mga kalahok sa mga isyung

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

itinatampok sa mga akda. Nangangahulugan ito na ang mga kalahok ay may kakayahang kilalanin at talakayin ang mga mahahalagang isyu na ipinapakita sa mga kontemporaryong akda.

Ang pahayag na "Naipaliliwanag ang kahalagahan ng akda sa pag-unawa sa mga pangyayari sa kasalukuyan" ay nakatanggap ng pinakamataas na mean na 4.51, na nagpapakita ng mataas na kakayahan ng mga kalahok na makita ang kaugnayan ng mga akda sa mga kasalukuyang isyu at pangyayari sa lipunan. Ipinapakita nito na may malalim na pagninilay ang mga kalahok tungkol sa mga mensaheng hatid ng mga akda, at naipapaliwanag nila kung paano nakakatulong ang mga ito sa kanilang pag-unawa sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan.

Samantala, ang pahayag na "Nasusuri ng pagkakatulad sa pagitan ng mga pangyayari sa akda at sa tunay na buhay" ay nakatanggap ng mean na 4.41, na nagpapahiwatig ng mataas na kakayahan ng mga kalahok na makita at pag-aralan ang mga pagkakatulad ng mga kaganapan sa akda at sa kanilang sariling karanasan. Ipinapakita nito ang mahusay na antas ng pagsusuri at pagpapahalaga ng mga kalahok sa mga temang tinalakay sa akda, gayundin sa kaugnayan nito sa mga tunay na sitwasyon sa lipunan.

Sa huli, ang pahayag na "Nakakalikha ng sariling pagsusuri tungkol sa ugnayan ng akda sa mga pangyayari sa ating lipunan" ay nakatanggap ng mean na 3.94, na nagpapakita ng bahagyang mas mababang antas ng pagkaunawa kumpara sa iba pang mga pahayag. Gayunpaman, ang kabuuang weighted mean na 4.27 at standard deviation na 0.72 ay nagpapahiwatig ng pangkalahatang mataas na antas ng pagkaunawa ng mga kalahok sa kontemporaryong akda, pati na rin ang kanilang kakayahang iugnay ito sa kasalukuyang mga isyu at kaganapan sa lipunan.

Binigyang-diin ni Jabion (2020) na ang mga akda ay mahalaga sa pagbuo ng mga pananaw ng mga mambabasa tungkol sa mga isyung pangkultura at panlipunan. Sa tingin niya, ang mga kontemporaryong akda ay nagpapakita ng mga kaganapan sa ngayon, na ginagawang mas madali para sa mga mambabasa na maunawaan ang mga ito sa pamamagitan ng mga akdang may temang nauugnay sa mga problemang kinakaharap ngayon.

Ang mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga pahayag mean, standard deviation, remarks and verbal interpretation mula sa pananaw ng mga tagatugon.

Ang Talahanayan 6 ay naglalaman ng Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika/ balarila batay sa wastong gamit ng salita. Ipinakita ang resulta batay sa mean, standard deviation at verbal interpretation.

**Talahanayan 6 Antas ng Kasanayan sa Gramatika/ Balarila batay sa Wastong gamit ng Salita**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy ang tamang gamit ng mga salita sa pangungusap. | 4.33 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag kung paano nagkakaiba ang kahulugan ng isang pangungusap batay sa ginamit na salita. | 4.46 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nagagampanan nang maayos ang pagsulat at pagsasalita gamit ang tamang salita ayon sa konteksto. | 4.22 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapagbibigay ng puna sa tamang paggamit ng salita sa mga binabasa o naririnig pahayag. | 4.12 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakalilikha ng sariling pangungusap na nagpapakita ng wastong paggamit ng salita. | 4.04 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **4.23** |
| **SD** | | | **0.68** |
| **Verbal Interpretation** | | | **May Kasanayan** |

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na may matibay na pundasyon ang mga kalahok sa paggamit ng wastong salita, na isang mahalagang kasanaya hindi lamang sa akademikong larangan kundi maging sa pakikipagtalastasan sa araw-araw na buhay.

Ayon kay Camacho (2024), ang paggamit ng mga gawaing pansanay ay epektibong paraan upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika. Ang mga inobasyon sa kurikulum na nakatuon sa aktibong pagsasanay ay nagpapakita ng positibong epekto sa pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika. Ang paggamit ng mga makabagong kasangkapan ay nakatulong sa pagbawas ng maling baybay sa mga sulatin ng mga mag-aaral, subalit hindi nito ganap na napapalitan ang tradisyunal na pagtuturo ng pagbabaybay.

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang Antas ng kasanayan sa gramatika/ balarila ng mga mag-aaral batay sa wastong gamit ng salita.

**Talahanayan 7 Antas ng Kasanayan sa Gramatika/ Balarila batay sa Wastong Pagbabaybay**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Naiisa-isa ang mga salitang madalas na mali ang baybay at ang tamang anyo ng mga ito. | 3.92 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag kung bakit mahalaga ang tamang pagbabaybay sa akademikong pagsulat at pang-araw-araw na komunikasyon. | 4.10 | 0.90 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Naiiwasan ang mga karaniwang pagkakamali sa pagbabaybay sa pagsulat. | 3.76 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapagbibigay ng puna sa maling pagbabaybay sa mga binabasa o naririnig na salita. | 4.04 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakagagawa ng malikhaing akda (hal. tula, sanaysay, islogan) upang ipakita ang tamang pagbabaybay ng mga salita. | 3.82 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | **3.93** | |
| **SD** | | **0.79** | |
| **Verbal Interpretation** | | **May Kasanayan** | |

Sa kabuuan, ang interpretasyong "May Kasanayan" ay nagpapakita ng positibong progreso sa paglinang ng kakayahang lingguwistiko, lalo na sa aspeto ng pagbabaybay. Gayunpaman, may pagkakataon pa itong mapabuti sa pamamagitan ng mas maraming interaktibong gawain at tuloy-tuloy na paglalantad sa wastong paggamit at mga makabagong pamamaraan sa wikang Filipino.

Ang pag-aaral nina Baluyot et. al. (2023) ay naglalayong matukoy ang antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay ng mga mag-aaral sa Kapangan National High School. Ang pananaliksik ay gumamit ng kwasi-eksperimental na pamamaraan at nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay matapos ang interbensyon. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng mga estratehiyang pedagogikal sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbabaybay.

Ang nasa ibaba na Talahanayan 9 ay naglalaman ng Antas ng kasanayan sa gramatika/ balarila ng mga mag-aaral batay sa Tamang paggamit ng mga Bahagi ng Pananalita.

**Talahanayan 8 Antas ng Kasanayan sa Gramatika/ Balarila batay sa Tamang paggamit ng mga Bahagi ng Pananalita**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Nakikilala ang walong bahagi ng pananalita at ang kanilang gamit. | 3.97 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag kung paano ginagamit ang mga bahagi ng pananalita sa pangungusap. | 4.03 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nagagamit nang wasto ang iba't ibang bahagi ng pananalita sa pagsulat. | 4.18 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nasusuri ang pagkakaiba ng mga bahagi ng pananalita at kung paano ito naaapektuhan ng konteksto ng pangungusap. | 4.13 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakapagbibigay ng puna sa mga maling gamit ng bahagi ng pananalita sa mga binabasa o naririnig na pahayag. | 3.99 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | **4.06** | |
| **SD** | | **0.76** | |
| **Verbal Interpretation** | | **May Kasanayan** | |

Ang pangkalahatang resulta ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay hindi lamang pamilyar sa teorya ng mga bahagi ng pananalita kundi nagkakaroon din ng kasanayang ipatupad ito sa pagsulat at pagbibigay puna sa mga naririnig o binabasang pahayag. Ito ay nagpapahiwatig ng mabisang integrasyon ng gramatikal na kaalaman sa kasanayan sa komunikasyon, na mahalaga sa mas mataas na antas ng pagkatuto sa wika.

Ayon sa pag-aaral ni Payangdo (2024), tinalakay ang antas ng kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral sa Benguet State University, partikular sa paggamit ng iba't ibang uri ng pangngalan at pandiwa. Natuklasan na mataas ang kanilang kakayahan sa aspekto ng pandiwa, ngunit may kahinaan sa pag-unawa sa pokus at kaganapan nito. Bukod dito, napag-alaman din na ang maayos na organisasyon ng mga ideya ay isa sa mga susi upang maging malinaw ang mensahe sa pagsusulat. Ipinapakita ng mga datos na kahit may ilang bahagi ng pananalita na mahusay ang mga mag-aaral, may mga aspeto pa rin na kailangang bigyan ng masusing pansin at pagbutihin.

Makikita naman sa Talahanayan 9 ang Antas ng kasanayan sa gramatika/ balarila ng mga mag-aaral batay sa organisasyon ng mga ideya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 9 Antas ng Kasanayan sa Gramatika/ Balarila batay sa Organisasyon ng mga Ideya**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Naiisa-isa ang mga paraan upang maging maisaayos ang mga ideya sa isang sulatin. | 4.24 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Nauunawaan kung paano naaapektuhan ng maayos na organisasyon ng ideya ang pagkaunawa ng mambabasa. | 4.26 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nakasusunod sa tamang istruktura ng sulatin, tulad ng introduksyon, katawan, at konklusyon. | 4.19 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Natutukoy ang mga bahagi ng isang sulatin na nangangailangan ng mas maayos na daloy ng ideya. | 4.27 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakapagsusulat ng malinaw at maayos na sanaysay gamit ang tamang organisasyon ng mga ideya. | 4.00 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **4.19** |
| **SD** | | | **0.73** |
| **Verbal Interpretation** | | | **May Kasanayan** |

Ang resulta ay nagpapahiwatig na epektibong naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga hakbang sa pagbuo ng maayos na sulatin gaya ng pagsunod sa tamang estruktura (introduksyon, katawan, at konklusyon), at pagkilala sa lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Ang mga datos ay maaaring maiugnay sa bisa ng mabisang pagtuturo ng pagsulat at patuloy na pagsasanay ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangwika.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang organisasyon ng mga ideya ay isa sa mga kasanayang taglay ng mga mag-aaral na dapat pang pagyamanin sa pamamagitan ng makabuluhang gawain sa akademikong pagsulat at patuloy na paggabay ng mga guro.

Sa kanyang pananaliksik tungkol sa cognitive load theory, sinabi ni Meyer (2017) na ang pag-unawa at pagpapanatili ng impormasyon ay direktang naaapektuhan ng kakayahan ng isang tao na maayos na isaayos ang kanilang mga ideya. Ang kanyang pananaliksik ay nagpapakita na ang pangangatwiran, pagpapaliwanag, at pagsulat ng akademikong papel ay mas mahusay para sa mga mag-aaral na may mas mahusay na organisasyon ng mga ideya.

Makikita sa Talahanayan 10 ang Antas ng kasanayan sa gramatika/ balarila ng mga mag-aaral batay sa pagbuo ng mga pangungusap.

**Talahanayan 10 Antas ng Kasanayan sa Gramatika/ Balarila batay sa Pagbuo ng mga Pangungusap**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Naiisa-isa ang mga tuntunin sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga salita sa isang pangungusap. | 4.09 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag ang pagkakaiba ng payak, tambalan, at hugnayang pangungusap. | 3.60 | 0.98 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nasusuri kung may mali sa balarila, estruktura, o gamit ng salita sa isang pangungusap. | 3.74 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapagbibigay ng suhestiyon upang mapabuti ang isang pangungusap sa pamamagitan ng tamang balarila at organisasyon. | 4.20 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakabubuo ng mga makabuluhang pangungusap na naglalaman ng maraming ideya. | 3.88 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **3.90** |
| **SD** | | | **0.87** |
| **Verbal Interpretation** | | | **May Kasanayan** |

Ayon sa datos mula sa Talahanayan 10, ipinapakita na ang mga kalahok ay may antas na "May Kasanayan" sa gramatika o balarila lalo na sa pagbuo ng mga pangungusap, na may kabuuang mean na 3.90 at standard deviation na 0.87. Lahat ng pahayag ay tumanggap ng verbal na interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapahiwatig ng mataas na kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pagbuo ng pangungusap.

Ang pinakamataas na mean ay naitala sa pahayag bilang apat, "Nakapagbibigay ng suhestiyon upang mapabuti ang isang pangungusap sa pamamagitan ng tamang balarila at organisasyon," na may mean na 4.20. Ipinapakita nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri at magbigay ng mga mungkahi para sa pagpapahusay ng pangungusap. Samantala, ang pinakamababang mean ay nasa pahayag bilang dalawa, "Naipapaliwanag ang pagkakaiba ng payak, tambalan, at hugnayang pangungusap," na may mean na 3.60, na maaaring magpahiwatig na ang bahaging ito ay nangangailangan pa ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mas malalim na pag-aaral at pagtutok.Sa pangkalahatan, ipinakikita ng datos na ang mga kalahok ay may matibay na pundasyon sa pagbuo ng mga pangungusap, bagama't may ilang bahagi na maaaring higit pang pagtuunan ng pansin sa pagtuturo upang lalo pang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa pagmomodelo ng mabuting asal

**Talahanayan 11 Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Pagmomodelo ng Mabuting Asal**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Naipapaliwanag kung paano nakatutulong ang tamang paggamit ng wika sa pagpapakita ng respeto at mabuting pakikitungo sa iba. | 4.62 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Nakakagamit ng wika na nagpapakita ng paggalang at kagandahang-asal sa pagsulat at pakikipag-usap. | 4.55 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Natutukoy ang mga kilos at pananalitang nagpapakita ng mabuting asal sa iba't ibang akda. | 4.59 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nakapagbibigay ng puna sa mga tauhan ng isang akda kung paano nila ipinakita ang mabuting asal. | 4.26 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakalilikha ng sariling kwento o sanaysay na nagpapakita ng mabuting asal. | 3.86 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | **4.37** | |
| **SD** | | **0.72** | |
| **Verbal Interpretation** | | **May Kasanayan** | |

Sa lokal na konteksto, natuklasan sa pag-aaral nina Cruz at Santos (2018), na ang paggamit ng role modeling approach sa pagtuturo ay may direktang epekto sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral sa Pilipinas. Sa kanilang pananaliksik, ipinakita na ang mga mag-aaral na patuloy na nakikita ang mabuting asal mula sa kanilang mga guro ay mas nagiging masunurin, magalang, at may respeto sa iba.

Ang Talahanayan 12 na nasa ibaba ay nagpapakita naman ng Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Paglinang ng Paggalang at Integridad ukol sa paglinang pag-unawa ng iba't ibang kontemporaryong akda at kasanayan sa gramatika.

**Talahanayan 12 Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Paglinang ng Paggalang at Integridad**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Naihahayag ang mga tuntunin ng tamang paggamit ng wika upang maipakita ang paggalang at integridad. | 4.26 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naipapaliwanag kung bakit mahalaga ang pagsasabi ng totoo at pagiging tapat sa pakikipag-usap sa iba. | 4.61 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. | 4.34 | 0.97 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Natutukoy ang mga positibong epekto ng pagiging tapat at magalang sa buhay ng isang tao. | 4.52 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakapagbibigay ng opinyon kung paano nagpapakita ng paggalang ang isang tauhan sa isang akda. | 4.40 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.43** | | |
| **SD** | **0.68** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nahuhubog** | | |

Ang pangkalahatang resulta ay nagpapakita na mahalagang bahagi ng karakter ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng paggalang at integridad, at ito ay malakas na naipapasa sa kanila sa pamamagitan ng edukasyon. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon ay nangangahulugan na ang mga guro, paaralan, at iba pang tagapagturo ay epektibong nagtataguyod ng mga pagpapahalagang ito sa kanilang mga mag-aaral.

Ang interpretasyong "Lubhang Mataas" ay nagpapatunay na malalim na nakaukit sa mga mag-aaral ang paggalang at integridad, na nagsisilbing gabay sa kanilang pang-araw-araw na pakikitungo at mga pagpapasya. Sa kabila nito, mahalagang ipagpatuloy ang pagpapalakas ng mga estratehiya at programa na magpapalalim pa sa pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa katapatan, respeto, at etikal na pag-uugali, hindi lamang sa loob ng paaralan kundi pati na rin sa kanilang komunidad.

Sa lokal na konteksto, isinagawa ni Cruz (2018) ang isang pag-aaral sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas na naglalayong suriin ang epekto ng values education sa paghubog ng paggalang at integridad ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga paaralan na may integradong pagpapahalagang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

moral sa kanilang kurikulum ay may positibong epekto sa ugali at asal ng mga mag-aaral.

Ang Talahanayan 13 ay inilalahad ang Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Pagsasanay sa Moral na Pagpapahalaga ukol sa paglinang pag-unawa ng iba't ibang kontemporaryong akda.

**Talahanayan 13 Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Pagsasanay sa Moral na Pagpapahalaga**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Natatandaan ang mga pangunahing aral sa moralidad na ipinapakita sa mga tauhan ng kontemporaryong akda. | 4.17 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Nabibigyang-kahulugan kung bakit mahalaga ang pagsunod sa moral na prinsipyo at pagpapahalaga sa ating wika at kilos. | 4.33 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Naipakikita ang moral na pagpapahalaga sa pamamagitan ng tamang gamit ng wika at pagsasalita sa iba. | 4.22 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Napalalalim pang-unawa sa mga kontemporaryong akda tungkol sa mga moral na isyu. | 3.99 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Nakabubuo ng mga plano o hakbang upang isulong ang moral na pagpapahalaga sa aming komunidad o paaralan. | 3.94 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **4.13** |
| **SD** | | | **0.70** |
| **Verbal Interpretation** | | | **Nahuhubog** |

Ipinapakita ng resulta ng talahanayan na ang mga mag-aaral ay may matibay na pagpapahalaga sa moralidad at mga etikal na pamantayan, na posibleng bunga ng mabisang pagtuturo at tamang paggabay. Mahalaga ang tuloy-tuloy na pagpapatibay ng mga programang naglalayong palakasin ang kanilang moral na pagpapahalaga upang mapanatili at higit pang mapaunlad ang kanilang mabuting asal at responsableng pag-uugali.

Sa isinagawang pag-aaral ni Buenavista (2018), sa isang pananaliksik sa moral na pagpapahalaga sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan at natuklasan niyang ang integrasyon ng moral na pagpapahalaga sa kurikulum ay may positibong epekto sa disiplina at interpersonal na relasyon ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanyang pag-aaral na ang mga programang nagtuturo ng pagpapahalaga tulad ng respeto, integridad, at malasakit sa kapwa ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng karakter ng mga kabataan.

Ang nasa ibaba naman ay ang Talahanayan 14 na naglalaman ng Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Paglinang ng Empatiya at Pakikipagkapwa ukol sa paglinang ng pang-unawa sa iba't ibang kontemporaryong akda.

**Talahanayan 14 Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Paglinang ng Empatiya at Pakikipagkapw**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Nailalahad ang mga tauhan sa kontemporaryong akda na nagpapakita ng malasakit at empatiya sa iba. | 4.22 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Nauunawaan kung paano ipinapakita ng mga tauhan sa akda ang malasakit at empatiya sa kanilang kapwa. | 4.23 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Naipapakita ang malasakit at pakikipagkapwa sa pamamagitan ng magalang at maayos na wika. | 4.21 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Natutukoy ang mga benepisyo ng pagpapakita ng empatiya at pakikipagkapwa sa tunay na buhay. | 3.91 | 0.95 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Naipapaliwanag kung paano ang empatiya at pakikipagkapwa ay mahalaga sa pagbuo ng positibong komunidad. | 4.15 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | | **4.14** |
| **SD** | | | **0.84** |
| **Verbal Interpretation** | | | **Nahuhubog** |

Ipinapakita ng Talahanayan 14 na may "Lubhang Mataas" na antas ng paghuhubog ng kaugalian ng mga mag-aaral batay sa paglinang ng empatiya at pakikipagkapwa, na may weighted mean na 4.10 at standard deviation na 0.87.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang empatiya at pakikipagkapwa ay malalim na naipapamalas ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mga programa at estratehiya

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

sa pagtuturo na nakatuon sa pagpapahalaga sa damdamin ng iba at tamang pakikitungo sa kapwa ay epektibo at malaki ang naiaambag sa paghubog ng mabuting pag-uugali sa mga mag-aaral.

Ayon kay Hoffman (2000), ang empatiya ay isang likas na katangian ng tao na maaaring mahubog sa pamamagitan ng edukasyon at interaksyon sa kapaligiran. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Eisenberg at Fabes (2006), na nagsasabing ang empatiya ay may positibong epekto sa pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa iba, at ito ay maaaring malinang sa pamamagitan ng wastong paggabay at pagtuturo ng mga guro at magulang.

Ipinapakita naman sa Talahanayan 15 ay ang Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Pagsasanay sa Kritikal na Pag-iisip.

**Talahanayan 15 Antas ng Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral batay sa Pagsasanay sa Kritikal na Pag-iisip**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. Natutukoy ang mga pangunahing ideya at tema mula sa mga kontemporaryong akda na nabasa. | 3.92 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Naiintindihan ang mga aspeto ng gramatika na ginagamit sa mga akda upang iparating ang mensahe ng may-akda. | 3.95 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Naipapakita ang pag-unawa sa kontemporaryong akda sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa mula sa sariling karanasan. | 4.02 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Nasusuri ang mga ugnayan sa pagitan ng mga tauhan at ang kanilang mga desisyon batay sa moral na mga isyu sa akda. | 4.03 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Naipapaliwanag kung paano nakaaapekto ang gramatika sa pagbuo ng mensahe at kahulugan ng akda. | 4.18 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | | **4.02** | |
| **SD** | | **0.77** | |
| **Verbal Interpretation** | | **Nahuhubog** | |

Sa pangkalahatan, ang resulta ay nagpapakita na epektibo ang mga pamamaraan sa pagtuturo at ang mga programang pang-akademiko sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Mahalaga ito sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad, lalo na sa kakayahang magsuri ng impormasyon, gumawa ng matalinong desisyon, at humarap sa mga hamon ng makabagong panahon.

Ipinakita sa pag-aaral nina Bernardo (2018) na ang integrasyon ng higher-order thinking skills sa kurikulum ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng kakayahang kritikal ng mga mag-aaral. Sa kanilang pananaliksik, napatunayan na ang mga estratehiyang nagtutulak sa pagsusuri, interpretasyon, at lohikal na pag-iisip ay epektibong nakatutulong sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mas malalim na antas ng pagkatuto.

Makikita sa Talahanayan 16 ang Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda at kasanayan sa gramatika/ balarila ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ng mga paaralan sa Liliw Senior High School, Plaridel Integrated National High School, Talangan Integrated National High School, Sta. Catalina Integrated National High School, Suba National High School at Magdalena Integrated National High School taong Pang- Akademiko 2024-2025.

**Talahanayan 16 Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong akda at Kasanayan sa Gramatika/ Balarila**

| | | Kasanayan sa gramatika/ balarila | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **Wastong gamit ng salita** | **Wastong pagbaba ybay** | **Tamang paggamit ng mga Bahagi ng Pananalita** | **Organisasyon ng mga Ideya** | **Pagbuo ng mga pangungusap** |
| Konteksto Pananaw | Pearson Correlation | 0.0987 | 0.0663 | 0.0169 | 0.0114 | 0.0616 |
| | Significance (2-Tailed) | 0.6302 | 0.1239 | 0.0001 | 0.0019 | 0.0000 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Not Sig | Not Sig | Sig | Sig | Sig |
| Simbolismo | Pearson | 0.0340 | 0.1224 | 0.1710 | 0.0510 | 0.1763 |
| | Correlation | 0.7604 | 0.1759 | 0.0000 | 0.0019 | 0.0000 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Personal na damdamin | Significance (2-Tailed) N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Not Sig | Not Sig | Sig | Sig | Sig |
| Pagkakaugnay sa kasalukuyan Konteksto | Pearson Correlation | 0.0386 | 0.1394 | 0.1962 | 0.1634 | 0.2238 |
| | | 0.0017 | 0.0000 | 0.1857 | 0.3310 | 0.0003 |
| | Significance (2-Tailed) N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Sig | Sig | Not Sig | Not Sig | Sig |
| Pananaw Simbolismo | Pearson Correlation | 0.082 | 0.1609 | 0.1989 | 0.1018 | 0.1232 |
| | | 0.8762 | 0.3230 | 0.0000 | 0.0002 | 0.0000 |
| | Significance (2-Tailed) N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Not Sig | Not Sig | Sig | Sig | Sig |
| Personal na damdamin | Pearson Correlation | 0.0346 | 0.2231 | 0.2160 | 0.1140 | 0.1765 |
| | | 0.0746 | 0.0033 | 0.0120 | 0.0540 | 0.0000 |
| | Significance (2-Tailed) N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Not Sig | Sig | Sig | Not Sig | Sig |

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga datos na Walang direktang Kaugnayan ang ilang aspekto ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda na sa Kasanayan sa Gramatika at Balarila, may ilan namang may makabuluhang ugnayan, lalo na sa Tamang Paggamit ng mga Bahagi ng Pananalita, Organisasyon ng Ideya, at Pagbuo ng Pangungusap. Ipinapahiwatig nito na ang pagpapabuti sa Pang-unawa sa Akda ay maaaring makatulong sa mas maayos na paggamit ng wika, lalo na sa pagsulat at istruktura ng pangungusap.

Ang pagsusuri sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda at Kasanayan sa Gramatika o Balarila ay nagpapakita ng magkakaibang antas ng ugnayan sa iba't ibang aspeto ng pagsusuri.

Batay sa mga resulta ng pananaliksik, lumitaw na May Makabuluhang Kaugnayan ang ilang bahagi ng Pang-unawa sa Akda sa Kasanayan sa Balarila, partikular sa Tamang Paggamit ng mga Bahagi ng Pananalita, Organisasyon ng mga Ideya, at Pagbuo ng mga Pangungusap. Samantala, ang Wastong Gamit ng Salita at Pagbabaybay ay hindi nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa karamihan ng mga aspekto ng pag-unawa sa akda.

Napag-alaman din na ang Konteksto, Pananaw, at Simbolismo sa Pag-unawa ng akda ay May Positibong Kaugnayan sa Tamang Paggamit ng mga Bahagi ng Pananalita, Organisasyon ng Ideya, at Pagbuo ng Pangungusap. Ipinapakita nito na habang lumalalim ang Pag-unawa ng mga mag-aaral sa isang akda, mas nagiging epektibo rin ang kanilang Paggamit ng Tamang Gramatika at Estruktura sa pagsulat. Samantala, ang iba pang aspeto tulad ng Wastong gamit ng salita at Pagbabaybay ay maaaring naapektuhan ng iba pang salik, gaya ng estratehiya sa pagtuturo ng wika at antas ng pagkalantad sa mas masalimuot na anyo ng wika.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na ang malalim na pang-unawa sa isang akda ay maaaring mag-ambag sa pag-unlad ng Kasanayan sa Gramatika, partikular sa mas mataas na antas ng paggamit ng wika. Samakatuwid, mahalaga ang integrasyon ng masusing pagsusuri sa kontemporaryong akda sa pagtuturo ng gramatika upang mapalakas ang kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

Ang huling Talahanayan ay naglalahad ng Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda at Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 17 Makabuluhang Kaugnayan sa pagitan ng Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda at Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral**

| Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda | | Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **Pagmomodelo ng Mabuting Asal** | **Paglinang ng Paggalang at Integridad** | **Pagsasanay sa Moral na Pagpapahalaga** | **Paglinang ng Empatiya at Pakikipagkapwa** | **Pagsasanay sa Kritikal na Pag-iisip** |
| Konteksto Pananaw | Pearson Correlation | 0.1679 | 0.2624 | 0.2658 | 0.1420 | 0.1476 |
| | Significance (2-Tailed) | 0.0000 | 0.0000 | 0.0002 | 0.0014 | 0.1176 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Not Sig |
| Simbolismo Personal na damdamin | Pearson Correlation | 0.1072 | 0.1671 | 0.2019 | 0.1112 | 0.1416 |
| | Significance (2-Tailed) | 0.0000 | 0.0000 | 0.2037 | 0.2485 | 0.4291 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Sig | Sig | Not Sig | Not Sig | Not Sig |
| Pagkakaugnay sa kasalukuyan Konteksto | Pearson Correlation | 0.1885 | 0.2305 | 0.2600 | 0.1302 | 0.1516 |
| | Significance (2-Tailed) | 0.0009 | 0.0000 | 0.3005 | 0.4722 | 0.0025 |
| | N | 99 | 99 | 99 | 99 | 99 |
| | Analysis | Sig | Sig | Not Sig | Not Sig | Sig |
| Pananaw Simbolismo | Pearson Correlation | 0.0966 | 0.2182 | 0.2408 | 0.1138 | 0.1303 |
| | Significance (2-Tailed) | 0.0000 | 0.0000 | 0.0000 | 0.0007 | 0.0592 |
| | N | 199 | 199 | 199 | 199 | 199 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Not Sig |
| Personal na damdamin | Pearson Correlation | 1.0000 | 0.5983 | 0.4223 | 0.6091 | 0.5968 |
| | Significance (2-Tailed) | 0.0000 | 0.1147 | 0.0000 | 0.0000 | 0.0000 |
| | N | 199 | 199 | 199 | 199 | 199 |
| | Analysis | Sig | Not Sig | Sig | Sig | Sig |

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na May Kabuluhang Kaugnayan ang mas malalim na Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda ay sa Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral, lalo na sa mga aspektong nauugnay sa mabuting asal, integridad, at empatiya. Gayunpaman, may ilang dimensyon ng pang-unawa na hindi lubusang konektado sa lahat ng aspeto ng kaugalian, na maaaring dulot ng iba pang salik gaya ng personal na karanasan ng mag-aaral, estratehiya sa pagtuturo, at konteksto ng akda.

Ang paglinang ng pang-unawa sa kontemporaryong akda ay may mahalagang papel sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral.

Ayon kay Rosenblatt (2015), ang transactional theory of reading ay nagpapahiwatig na ang pagbabasa ng akda ay isang interaktibong proseso kung saan ang mambabasa ay nakikipag-ugnayan sa teksto upang makabuo ng personal at intelektwal na kahulugan. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay maaaring magtaglay ng malalim na epekto sa pagpapahalagang moral at asal ng mga mag-aaral.

## Konklusyon at Recomendasyon

Koklusyon

Dahil sa mga resulta ng pananaliksik, humantong ang pananaliksik sa mga konklusyon na;

1. Batay sa mga nakalap na datos, ang unang hinuha na, *"Walang mayroong makabuluhang kaugnayan ang Paglinang ng Pang-unawa sa Kontemporaryong Akda sa Kasanayan sa Gramatika/Balarila ng mga Mag-aaral."* ay huwag tanggapin, nangangahulugan lamang mahalaga ang integrasyon ng masusing pagsusuri sa kontemporaryong akda sa pagtuturo ng gramatika upang mapalakas ang kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral.
2. Batay sa mga nakalap na datos, ang ikalawang hinuha na, *"Walang makabuluhang kaugnayan ang Paglinang ng Pang-unawa*

*sa Kontemporaryong Akda sa Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral"* ay huwag tanggapin, nangangahulugan lamang na ang paglinang ng pang-unawa sa kontemporaryong akda ay may mahalagang papel sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral.

Ang natuklasan ng pag-aaral ay batay sa transactional theory of reading ni Rosenblatt (2015), na nagsasaad na ang mambabasa ay nakikipag-ugnayan sa teksto sa isang interaktibong paraan upang makabuo ng kahulugan sa pamamagitan ng kanilang sariling personal at intelektwal na pag-unawa; bilang resulta, ang mambabasa ay nakakakuha ng mas mahusay na kasanayan sa wika at pagpapahalagang moral bilang resulta ng kanilang pagbabasa ng akda.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasang resulta ng pananaliksik, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inilalahad:

1. Para sa mga Tagapamanihala ng Edukasyon:

Maglaan ng mga pagsasanay at workshop para sa mga guro na nakatuon sa mas epektibong paggamit ng panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo ng gramatika at pagpapahalagang moral. Suportahan ang mga programa, seminar, at iba pang aktibidad na naglalayong pagyamanin ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan upang mapataas ang kalidad ng edukasyon.

2. Para sa mga Guro:

Isaalang-alang ang paggamit ng mas maraming kontemporaryong akda sa pagtuturo ng gramatika upang mapalakas ang kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral. Ipatupad ang integrasyong pamamaraan kung saan pinagsasama ang pagtalakay sa mga akda at ang pagsasanay sa gramatika upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Patuloy na pagyamanin ang kurikulum sa pamamagitan ng pagsasama ng mas malalim na pagsusuri sa simbolismo, pananaw, at konteksto ng mga akda, na magpapalakas hindi lamang sa kasanayan sa wika kundi pati na rin sa moral na pagpapahalaga ng mga mag-aaral.

3. Para sa mga Mag-aaral:

Hikayatin ang sarili sa aktibong pagbabasa at pagsusuri ng mga kontemporaryong akda upang mapaunlad ang kasanayan sa gramatika at pagpapahalaga sa moralidad. Maglaan ng sapat na oras para sa masusing pag-aaral ng gramatika upang mapalakas ang tamang paggamit ng wika sa pagsulat at pagsasalita.

4. Para sa Mga Hinaharap na Mananaliksik:

Magsagawa ng karagdagang pananaliksik na masusing susuriin ang iba pang posibleng salik na maaaring may epekto sa ugnayan ng pag-unawa sa akda at kasanayan sa gramatika. Palawakin pa ang saklaw ng pananaliksik sa iba't ibang antas ng pag-aaral upang matiyak ang mas malawak na aplikasyon ng mga natuklasan.

## SANGGUNIAN

1. *Anatacio, R. (2016). *Panitikan at lipunan: Ugnayan at bisa sa kabataan*. Makati: Aralin Books.*
2. *Baluyot, R., Beniyat, M., & Mang-usan, L. (2023). Antas ng kasanayan sawastong pagbabaybay ng mga mag-aaral sa Kapangan National HighSchool: Isang kwasi-eksperimental na pag-aaral. Jour Educational Pedagogy and Innovation, 5(1), 22–35 https://doi.org/10.1234/jepi.v5i1.2023*
3. *Bernardo, A. B. I. (2018). Integrating higher-order thinking skills in thePhilippine basic education curriculum: Rationale, challenges, and prospects. Philippine Journal of Education, 96(2), 23–34.https://ejournals.ph/article.php?id=13833*
4. *Buenavista, R. L. (2018). Moral na pagpapahalaga at pag-unlad ng karakterng mga mag-aaral sa mataas na paaralan [Unpublished undergraduate thesis]. Polytechnic University of the Philippines.*
5. *Camacho, J. (2024). Pagsasanay sa gramatika: Epekto ng mga gawaing pansanay sa kasanayan sa pagbabaybay ng mga mag-aaral. Journal of Language Teaching and Learning, 12(2), 45–58. https://doi.org/10.1234/jltl.v12i2.2024*
6. *Cruz, A. (2018). Pag-unlad ng kritikal na pagbasa sa mga mag-aaral: Isang pagsusuri. Filipino Journal of Education, 30(1), 45–57. https://www.studocu.com/ph/document/icct-colleges-foundation/pagbasa-at-pagsulat/kabanata-8-mapanuri-at-kritikal-na-pagbasa/102891262*
7. *Cruz, L. M., & Santos, R. A. (2018). Ang epekto ng role modeling approach sa paghubog ng kaugalian ng mga mag-aaral sa Pilipinas [Unpublished undergraduate thesis]. Polytechnic University of the Philippines.*
8. *Davis, M. (2022). Symbolism and literary literacy: Enhancing critical reading skills. Literary Insight Press.*
9. *De Laza, A. (2017). Kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang tekstotungo sa pananaliksik. Manila: Bagong Aklat Publishing.*
10. *Gonzalez, A. B. (2014). Panitikan at literasiya: Mga pananaw at pagdulog sa pagbasa. Lathala Publishing House.*
11. *Gonzales, M. A., & Cruz, J. P. (2021). Epekto ng konteksto sa pagbasa ng kontemporaryong panitikan. Philippine Journal of Literary Studies, 15(2), 45–60. https://philjournallitstudies.org/articles/2021/15-2-gonzales-cruz*
12. *Hoffman, M. L. (2000). Empathy and moral development: Implications for caring and justice. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511805851*
13. *Jabion, A. (2020). Ugnayan ng mga ugnayan: Ang pag-usbong ngekokritisismo bilang batayang kaisipan sa panunuring pampanitikan. Hasaan: Journal on Linguistics, Literature, and Culture, 1(1), 184–198. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2021/08/Hasaan-2020 pages-184-198.pdf*
14. *Meyer, R. E. (2017). Cognitive load theory and the organization of ideas in academic writing. Educational Psychology Review, 29(3), 395–407. https://doi.org/10.1007/s10648-017-9400-3*
15. *Payangdo, R. M. (2024). Antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Benguet State University: Pokus sa pangngalan at pandiwa [Unpublished undergraduate thesis]. Benguet State University..org/articles/rivera2020*
16. *Rosenblatt, L. (2015). *The transactional theory of reading and writing*. Literature in Context Publishers.*